



ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN – PAG-IWAS SA MGA PAGPUTOL NG TUBIG AT UTILIDAD

ANO ANG GAGAWIN KAPAG HINDI NAKAPAGBAYAD NG TUBIG SA TAMANG ORAS

- **Kumuha ng Impormasyon sa Iyong Provider ng Tubig:** Pinagbabawalan ng batas ng California ang karamihan ng mga provider ng tubig na putulin ang iyong tubig maliban kung lumampas na ang iyong bayarin sa takdang pagbabayad nang 60 araw. Dapat makipag-ugnayan sa iyo ang provider ng tubig sa pamamagitan ng tawag sa telepono o mail nang pitong business day man lang bago putulin ang iyong tubig, at dapat i-post ang kanilang patakaran sa pagpuputol ng tubig sa kanilang website. Kung wala silang website, dapat silang magbigay ng kopya ng patakaran kapag hiniling.
- **Makipag-usap sa Iyong Provider ng Tubig Tungkol sa Plano sa Pagbabayad:** Dapat gawing available ng mga provider ng tubig ang alternatibong plano sa pagbabayad bago putulin ang serbisyo ng residensyal na tubig. May karapatan kang makipagtalakayan sa iyong provider ng tubig ng mga opsyon para maiwasan ang pagpuputol ng tubig. Puwede ka ring dumaan sa proseso ng pag-apela para hamunin ang pagpuputol ng tubig kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong bayarin sa tubig. Hindi puwedeng itigil ang serbisyo sa iyo ng tubig habang nasa proseso ka ng pag-apela. Matatagpuan ang impormasyon tungkol sa Batas sa Proteksyon mula sa Pagputol ng Tubig (Water Shutoff Protection Act) [dito](#) at [dito](#). Nailalapat ang mga requirement na ito sa karamihan ng mga provider ng tubig sa California. Nag-aalok din ang ilang provider ng tubig ng mga pinababang rate para sa mga low-income na residente. Alamin sa iyong provider kung mapapababa mo ang iyong buwanang bayarin sa tubig.
- **Mag-sign Up para sa mga Mas Mababang Bayarin sa Tubig:** Depende sa iyong kita, posibleng maging kwalipikado ka para sa mga diskuwento sa iyong bayarin sa tubig sa pamamagitan ng Programang Tulong para sa may Rate na Low-Income (Low-Income Rate Assistance o LIRA). Magtanong sa iyong provider ng tubig para sa higit pang impormasyon. Dagdag pa, kung tumatanggap ka ng ilang partikular na benepisyo tulad ng CalFresh, Medi-Cal, SSI, pangkalahatang tulong, o iba pang benepisyo, o kung ang iyong kita ay mas mababa nang 200% kumpara sa pederal na level ng kahirapan, dapat i-waive ng iyong provider ng tubig nang minsan tuwing 12 buwan ang iyong anumang utang na interes.

ANO ANG GAGAWIN KAPAG HINDI NAKAPAGBAYAD NG IBANG UTILIDAD SA TAMANG ORAS

- **Makipag-usap sa Iyong Provider ng Utilidad para sa Plano sa Pagbabayad:** Dapat mag-alok ang karamihan ng mga pribadong kompanya sa utilidad ng plano ng pagbabayad na nagbibigay sa iyo ng mas mahabang oras para magbayad ng utang mo. Hindi puwedeng putulin ang kuryente mo oras na sumang-ayon ka sa plano sa pagbabayad, at dapat nananatili itong nakabukas kapag nagbabayad ka sa tamang oras. Mag-click [dito](#) para sa impormasyon kung paano ka matutulungan ng Komisyon ng Pampublikong Utilidad ng California (California Public Utilities Commission o CPUC) na makipagnegosasyon para sa plano ng pagbabayad. Kung hindi kayo magkasundo sa plano ng kompanya sa utilidad, puwede kang [maghain ng reklamo sa CPUC](#). Hindi puwedeng patayin ng kompanya ang kuryente o gas habang nasa proseso ng pag-aayos ng reklamo sa CPUC.

Kung nakukuha mo ang iyong mga utilidad mula sa syudad, county, o iba pang lokal na pamahalaan – gaya ng Kagawaran ng Tubig at Kuryente ng Los Angeles (Los Angeles Department of Water and Power o LA DWP) o Distrito sa Munisipal na Utilidad ng Sacramento (Sacramento Municipal Utility District o SMUD) – magtanong sa iyong provider ng utilidad tungkol sa mga opsyon sa plano sa pagbabayad.

- **Mag-sign Up para sa Mas Mababang Bayarin sa Gas at Kuryente:** Kung nakukuha mo ang iyong utilidad mula sa pribadong kompanya, posibleng maging kwalipikado ka para sa mga diskuwento sa iyong bayarin sa kuryente at gas, depende sa iyong kita. Nagkakaloob ang [programang CARE ng California](#) ng mga diskuwento nang hanggang 30-35% para sa kuryente at 20% para sa natural gas. Kung hindi ka kwalipikado para sa CARE dahil bahagyang mas mataas ang iyong kita sa mga limitasyon sa kita,



at customer ka ng PG&E, SDG&E, o Southern California Edison, posibleng kwalipikado ka para sa [Family Electric Rate Assistance program](#), na nag-aalok ng 18% diskuwento sa mga bayarin sa kuryente.

Kung nakukuha mo ang iyong gas at kuryente mula sa syudad, county o ibang provider ng lokal na pamahalaan, tawagan ang numero sa iyong bayarin o bumisita sa website ng iyong provider para malaman ang tungkol sa mga buwanang diskuwento para sa mga lower-income na pamilya.

- **Makakuha ng Minsanang Tulong sa Pagbabayad para sa bayarin sa Gas o Kuryente:** Posibleng kwalipikado ang mga lower-income na residente para sa minsanang pagbabayad para makatulong sa mga gastusin sa heating o cooling. Para sa programang ito, hindi mahalaga kung anong uri ng utilidad ang nagbibigay sa iyo ng kuryente. Mag-click [dito](#) para malaman ang higit pa tungkol sa Programang Tulong sa Enerhiya ng mga Bahay na Low-Income (Low-Income Home Energy Assistance Program o LIHEAP).
- **Mga Karagdagang Proteksyon para sa mga Sitwasyong Peligroso sa Buhay:** Kung peligroso sa iyong buhay ang pagputol ng kuryente, makipag-ugnayan kaagad sa iyong provider. Posibleng may mga karagdagang opsyon ka, at posibleng isaayos ng iyong provider ang personal na pagbisita para subukang lutasin ang sitwasyon bago putulin ang iyong kuryente.

MGA TIP PARA SA MGA TENANT

- **Alamin ang Iyong mga Karapatan bilang Tenant:** Hindi kailanman puwedeng patayin ng mga landlord ang tubig, kuryente, heat, gas, o iba pang utilidad para puwersahin kang paalisin sa iyong inuupahang bahay o palayasin ka nang walang kauutusan ng hukuman. Mag-click [dito](#) para matuto pa tungkol sa iyong mga karapatan bilang tenant sa California.
- **Iwasan ang Pagputol ng Tubig Kapag Hindi Nabayaran ng Landlord ang Bayarin:** Para sa mga tenant na may serbisyong indibidwal na may metro, binibigyan ka ng [batas ng California](#) ng karapatan na ilipat sa iyong sariling pangalan ang bayarin sa tubig kung binabayaran ng landlord ang bayarin mo sa tubig pero hindi sa tamang oras. Dapat bigyan ka ng iyong provider ng tubig ng oportunidad para maging customer para maiwasan ang pagputol ng tubig nang 10 araw man lang bago ang pagpuputol ng serbisyo ng tubig. Kapag inilipat mo ang serbisyo ng tubig sa iyong sariling pangalan, hindi ka responsable sa balanseng hindi pa nababayaran ng iyong landlord, pero magiging responsible ka sa pagbabayad ng bayarin sa tubig sa hinaharap. Ang mga tenant na nakikibahagi sa iisang metro ng tubig ay posibleng magpatuloy sa serbisyo sa tubig kung magkakasundo silang lahat na maging responsable para sa bayarin sa tubig at tugunan ang mga requirement ng provider ng tubig.

SAAN PUPUNTA PARA SA HIGIT PANG TULONG

- **Makakuha ng Tulong Pinansyal mula sa Programa ng Nonprofit o Pamahalaan sa Inyong Lugar:** Bilang karagdagan sa mga programa at mapagkukunan mula sa pamahalaan na nabanggit sa itaas, kung nakakaranas ka ng kahirapang pinansyal, posibleng makatulong sa inyong bayarin ang organisasyon sa serbisyong panlipunan, organisasyong relihiyoso, o ahensya ng pamahalaan sa inyong syudad o county, depende sa inyong pagiging kwalipikado. Posibleng isangguni ka ng [inyong lokal na tanggapan sa legal na tulong](#) sa naaangkop na organisasyon sa inyong lugar. Puwede ka ring mag-click [dito](#) para sa listahan ng mga ahensya sa serbisyong panlipunan sa bawat county.
- Kung sinubukan mo ang mga hakbang na ito, at hindi umubra, humingi ng tulong. Para makahanap ng libre o murang tanggapan sa legal na tulong na malapit kung saan ka nakatira, bumisita sa [LawHelpCA.org](#). Kung hindi ka kwalipikado para sa legal na tulong, puwede ka ring makakuha ng referral para sa serbisyong referral sa sertipikadong abogado sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa [California State Bar](#).
- Para abisuhan ang Tanggapan ng Attorney General tungkol sa mga paglabag, bumista sa [oag.ca.gov/report](#). Bagamat hindi puwedeng kumatawan ng mga indibidwal o magbigay sa mga ito ng legal na payo ang Tanggapan ng Attorney General, mahalaga ang mga reklamo mula sa mga concerned na Californian sa pagbubuo ng impormasyon tungkol sa pattern o kagawian na kinakaharap ng mga Californian sa buong estado.
- Kung may reklamo ka tungkol sa pagputol ng tubig, puwede ka ring makipag-ugnayan sa inyong [State Water Board](#) o sa [California Public Utilities Commission](#) kung sa pagputol ng utilidad na pagmamay-ari ng investor.